7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan 7

Kuwarter 4

Aralin

3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 4: (Aralin 3) Linggo 5**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Joan F. Alim (Saint Louis University)

**Tagasuri:**

- Portia R. Soriano (Philippine Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa papel ng ASEAN sa pagtugon sa mga hamon at pagkakamit ng likas-kayang pag-unlad ng mga bansa sa Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng adbokasiya na nagsusulong sa pagpapahalaga sa papel ng ASEAN tungo sa pagkakaisa at pagharap sa hamon ng likas-kayang pag-unlad at karapatang pantao sa Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Nasusuri ang mga hamon at tugon ng ASEAN sa pagtamo ng likas-kayang pag-unlad (sustainable development**)**<br>1.Natatalakay ang kahulugan at layunin ng ASEAN Community 2015<br>2. Naipapaliwanag ang iba't ibang haligi ng ASEAN Community 2015<br>3. Nakagagawa ng isang bukas na liham na naghihikayat ng pakikiisa sa pagtugon ng mga hamon ng likas-kayang pag-unlad. |
| **C. Nilalaman** | **Konsepto ng Likas-kayang Pag-unlad ( sustainable development) sa Konteksto ng Timog-Silangang Asya**<br>1. Ang ASEAN Community 2015 (ACI15)<br>2. (ASEAN Economic (AEC)<br>3. Political-Security (APSC), Socio- cultural (ASCC) |
| **D. Integrasyon** | • Ugnayang Panrehiyon at Pandaigdig<br>• Panahon, Pagpapatuloy at Pagbabago<br>• Pagkakapantay-pantay at pagtutulungan ng mga bansa sa Asya |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
| --- |
| Abulencia, A. S., Lodronio, R. G., Antonio, E.D., Imperial, C. M., & Soriano, C. D.(2020). *Pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura sa South at Western Asia.* In Kayamanan: Araling Asyano (pp. 305-321). Quezon City, Philippines: Rex PrintingCompany, Inc.<br>Blando, R. C. et.al. (2014). *Araling Panlipunan: ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba.* 1st ed. Pasig City.<br>Bustamante,E. D. (2016). Sulyap Sa Kasaysayan ng Asya.Muling Nilimbag.St Bernadette Publishing House Corporation.Quezon City.<br>Nicerio,N. A. (2021). Araling Asyano:Kamalayang Panlipunan.Abiva Publishing House Inc.Araneta Avenue,Quezon City.<br>Declaration on Establishment of ASEAN Community. (2015). *2015 Kuala Lumpu Declaration on the establishment of ASEAN community.* https://www.asean.org/wp-content/uploads/2015/12/KL-Declaration-on-Establishment-of-ASEAN-Community-2015.pdf<br>Letchumanan, R. (2015). *What is ASEAN community 2015 all about*? (2015, February 13). The Diplomat – Asia-Pacific Current Affairs Magazine. https://thediplomat.com/2015/02/what-is-asean-community-2015-all-about/<br>Ministry of Foreign Affairs Republic of Indonesia. (2015). *Establishment of ASEAN community 2015.* https://kemlu.go.id/portal/en/read/108/halaman_list_lainnya/establishment-of-asean-community-2015<br>Menon, J. (2014). *ASEAN economic community by 2015?.* CEPR.https://cepr.org/voxeu/columns/asean-economic-community-2015<br>Asia Development Bank. (2014). *ASEAN Community 2015: Managing Integration for better jobs and shared prosperity.* https://www.adb.org/sites/default/files/publication/42818/asean-community-2015-managing-integration.pdf |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- | --- |
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**TALA-RAWAN:**Tukuyin kung anong SDGs ang ipinapakita ng bawat larawan.<br>1. <br>Source: Voices of Youth. https://www.voicesofyouth.org/blog/gender-equality-human-right | Para sa kumpletong listahan ng SDGs, tingnan ang supplementary material sa huling bahagi ng exemplar.<br><br>Susi sa Pagwawasto: |

| | | |
|---|---|---|
| | 2.  Source: FairPlanet. https://www.fairplanet.support/sustainable-development-goals/goal-16-peace-justice-and-strong-institutions/<br><br>3.  Source: World Bank Blogs. https://blogs.worldbank.org/en/education/six-s-quality-education<br><br>4.  Source: United Nations Development Programme. https://www.undp.org/philippines/blog/where-are-we-achieving-good-health-all-initial-stocktake<br><br>5.  Source: SDG NEDA. https://sdg.neda.gov.ph/goal-2/ | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawin ang sumusunod na gawain sa interaktibong pamamaraan:**<br>**Gawain 1: Think-Pair-Share**<br>Panuto: Gamit ang Think-Pair-Share, ibahagi ng mag-aaral ang kanyang tugon sa tanong sa ibaba. | Tanungin sa mga mag-aaral ang mga pamprosesong mga katanungan. |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Para sa iyo, alin sa mga layon ng likas kayang pag-unlad (SDG) ang nakamit na ng Pilipinas at Asya? Paano mo nasabi?<br>2. Paano kaya nakatulong ang ASEAN sa pagkamit nito?<br><br>Nararapat na ipabatid sa mga mag-aaral na isa sa mga adhikain ng ASEAN ay matulungan ang mga kasaping bansa na makamit ang likas-kayang pag-unlad ng mga bansa nang sama-sama.(sustainable development).<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Gawain 2: UGNAY-UNAWA (#Ating Ilapat at Iugnay)**<br>Tukuyin ng mga mag-aaral kung anong ibig sabihin ng mga akronim gamit ang mga paglalarawan na naibigay.<br>Gawing gabay ang mga pahayag na makikita sa ibang hanay upang matukoy ang konsepto. | Tukuyin ng mga mag-aaral kung anong ibig sabihin ng mga akronim gamit ang mga paglalarawang naibigay.<br>MGA KASAGUTAN<br>1.ASEAN COMMUNITY<br>2. ASEAN POLITICAL-SECURITY COMMUNITY<br>3. ASEAN ECONOMIC COMMUNITY (AEC<br>4. ASEAN SOCIO-CULTURAL COMMUNITY (ASCC) |

| | |
|---|---|
| 1. A _ _ _ _<br>C _ _ _ _ _ _ _<br>2015 | • Isang samahang naglalayong bumuo ng isang mas malakas at mas bukas na komunidad sa rehiyon ng Asya. |
| 2. A _ _ _ _<br>P _ _ _ _ _ _ _ _<br>S _ _ _ _ _ _ _<br>C _ _ _ _ _ _ _ _ | • Layunin nitong palakasin ang *political stability* sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga institusyon ng kapayapaan at seguridad. |
| 3. A _ _ _ _<br>E _ _ _ _ _ _ _<br>C _ _ _ _ _ _ _ _ | • Layunin nitong palakasin ang intergrasyon ng ekonomiya sa rehiyon kasama dito ang pag-alis ng mga pampulitikang hadlang sa kalakalan at pagpapalakas ng pagtutulungan sa larangan ng pananlapi at industriya. |

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td>4. A _ _ _ _<br>S _ _ _ _<br>C _ _ _ _ _ _ _ _<br>C _ _ _ _ _ _ _ _ _</td><td>● Layunin nitong palakasin ang pagkakaisa at pagkikila sa mga kultural sa rehiyon. Kasama dito ang pagpapalakas at pagtutulungan sa edukasyon,kalusugan, kapakanan ng mga mamamayan, at kapaligiran</td></tr></table> | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: ASEAN COMMUNITY 2015**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain 3: Suriin at Itala Natin: (#Talaan ng impormasyon)**<br>Katulong ang iyong pangkat, basahin ang mga talatang naglalaman ng mahahalagang impormasyon tungkol sa ASEAN Community 2015 .Pagkatapos ay isulat sa kahon ang mga hinihinging impormasyon ukol dito.<br><br>Noong Setyembre, taong 2000, nagsama-sama ang mga pinuno ng 189 bansa sa himpilan ng United Nations upang lagdaan ang Millenium Declaration na kilala rin sa tawag na Millenium Development Goals, kung saan nagkasundo silang magkaisang makamit ang walong(8) layon o goals pagsapit ng 2015. Ang mga ito ay ang sumusunod:<br><br>1. Sugpuin ang matinding kahirapan at gutom.<br>2. Ipatupad ang pangkalahatang primaryang edukasyon.<br>3. Itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa karapatan ng bawat kasarian at pagsasakapangyarihan ng mga kababaihan.<br>4. Bawasan ang bilang ng mga batang namamatay.<br>5. Paunlarin ang kalusugan ng mga inang nagdadalantao.<br>6. Labanan ang AIDS, tuberkulosis, malarya at ba pang mga sakit.<br>7. Tiyakin ang pagpapanatili ng yaman at ganda ng kalikasan at kapaligiran.<br>8. Paunlarin ang pandaigdigang-ugnayan para sa kaunlaran.<br><br>Simple at malinaw ang mga layon kaya naman maayos ang pagsasakatuparan nito. Sa katunayan, sa pagtatapos ng 2015 ay nabawasan ng 50% ang extreme poverty rate. Gayon pa man, hindi magkakapareho ang naging resulta sa bawat bansa. | Ang mga pamproseng katanungan ay maaring dagdagan batay sa lalim ng talakayan. Ang gawin ay maaring dalawahan o triad.<br><br>Sabihin o talakayin na malaki ang naging tagumpay ng MDG sa loob ng 15 taon sa pagpapababa ng mortality rate sa mga bata , ganoon din ang pagpapabuti ng kalusugan ng mga nagdadalantao, akses sa tubig at pag-unlad sa sanitasyon. |

| | | |
|---|---|---|
| | Dahil malapit nang matapos ang MDG ng 2015, kinakailangang maipagpatuloy ang mga nasimulan nang pagbabago. Bilang tugon, noong 2012, idinaos ang United Nations Conference on Sustainable Development sa Rio de Janeiro sa Brazil kung saan iniluwal ang konsepto ng likas-kayang pag-unlad o ang Sustainable Development Goals.<br><br>Samantala, ang ASEAN bilang tugon sa hamon ng SDG at bilang isa sa mga organisasyong nasusulong ng pagkakaisang rehiyonal ay matagumpay na naitatag ang ASEAN Community noong Disyembre 31, 2015. Ang pagtatag ng ASEAN Community noong 2015 na binubuo ng Brunei Darussalam, Cambodia,Indonesia, Laos, Malaysia, Myamar (dating tinawag na Burma), Philippines, Singapore, Thailand at Vietnam ay nagpapahayag ng isang mahalagang yugto sa mga pagsisikap ng ASEAN tungo sa rehiyonal na intergrasyon at kooperasyon. Ito ay nagpapakita ng dedikasyon ng mga bansang kasapi sa ASEAN na magtrabaho nang sama-sama tungo sa pagkamit ng mga pangunahing layunin na palakasin ang kooperasyon sa pagitan ng mga bansa sa ASEAN sa larangan ng ekonomiya,politika,at kultura.<br><br>Ilan sa mga layunin ng ASEAN 2015 ay ang mga sumusunod:<br><br>1) Lumikha ng isang lipunang may pagtingin sa hinaharap.<br>2) Magtaguyod ng lipunan kung saan ang mga mamamayan ay naninirahan sa isang mapayapa, matatag at maunlad na kapaligiran.<br><br>(3) May mga bansang pinagisa sa isang dinamikong relasyon sa pakikipagsosyo.<br><br>(4) Lumikha ng isang komunidad na mapagmalasakit.<br><br>(5) Palakasin ang integrasyon ng ASEAN sa pagharap sa pag-unlad ng pandaigdigang konstelasyong politikal.<br><br>Sa pamamagitan ng mga layuning ito, maaring matugunan rin ang mga hamon ng likas kayang pag-unlad sa rehiyon at makapag-ambag ang ASEAN sa mga pandaigdigang pagsisikap na itaguyod ang pagkakamit ng 17 layon ng likas-kayang pag-unlad. | Tangagapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral. Ang gawain ay maaring isahan,dalawahan o grupo.<br><br>Ito ay maaaring pangkatang pagbabahagi ng mg mag-aaral.Iproseso ng guro ang mga karagdagang impormasyon na maaaring nakaligtaan ng guro. |

| Pamprosesong katanungan | Kasagutan |
|---|---|
| Bakit nabuo ang ASEAN Community 2015? | |
| Anu-ano ang mga layunin ng ASEAN Community 2015? | |
| Anu-anong bansa ang kasapi sa ASEAN Community 2015? | |
| Paano makatutulong ang ASEAN Community ng 2015 sa pagtugon sa hamon ng likas-kayang pag-unlad? | |

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 4: TANONG-TUGON, PAMPARUNONG (#Pamprosesong Katanungan):**
Ang mga sumusunod na tanong ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.

- Paano nabuo ang MDG at SDGs?
- Ano ang ASEAN Community 2015?
- Bakit mahalaga ang pagkakatatag ng ASEAN Community 2015 para sa pagsusulong ng 17 SDGs?

Bigyang-diin na bagamat may mga nakamit nang tagumpay ang ASEAN Community, may mga dapat pa rin itong pagtuunan ng pansin.

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**Ikatlong araw**

| | | |
|---|---|---|
| | **Gawain 5: UGNAY-UNAWA (#Ating Ilapat at Iugnay)**<br>Katulong ang iyong pangkat, ipakita ang sagot sa bawat tanong gamit ang alinman sa mga pamamaraan sa ibaba:<br><br>Bibigyan ang bawat pankat ng 5 minuto para pag-usapan ang kanilang tugon at ang gagawing presentasyon. Ang presentasyon naman ay kailangang nasa 1-2 minuto lamang.<br>Role-Playing<br>Slogan-Poster<br>Talumpati<br>Tableau<br><br>1. Sa pagitan ng 1990-2013, tumaas ang migrasyong intra-Asia o sa pagitan ng mga bansa sa Asya mula 1.5 milyon patungong 6.5 milyon kung saan ang mga bansang Malaysia, Singapore at Thailand ang 3 sa mga nangunang bansang destinasyon (ASEAN Community 2015 ADB Report). Nitong mga nakaraang panahon may mga nababalitaan tayong mga Pilipino na nare-recruit bilang mga manggagawa ngunit pagdating sa bansang destinasyon ay nakaranas ng pagmamaltrato. Paano makakatulong ang ASEAN Community sa pangangalaga ng kaligtasan ng mga manggagawang mula sa bansang kasapi ng ASEAN?<br>2. Noong 1994, itinatag ng Brunei-Darussalaam, Indonesia, Malaysia at Pilipinas ang BIMP-EAGA o ang Brunei-Darussalaam-Indonesia-Malaysia-Philippines East ASEAN Growth Area. Layunin nitong matulungang mapataas ang antas ng ekonomiya ng mga hindi gaanong-maunlad at mga nasa liblib o remote at marginalized na mga lugar sa bawat bansang kasapi. Sa Piliinas, nakapagtukoy ng 26 na probisya sa Mindanao at isa sa Palawan (ASEAN Community 2015 ADB Report). Ano'ng proyekto ang maaring mailunsad ng ASEAN Community upang matulungan ang mga lugar na ito?<br><br>3. Edukasyon ang itinuturing nating hagdan sa pagtatagumpay at pag-unlad ng kalagayan sa buhay. Bagamat may mga pagsusumikap nang palawigin ang akses sa edukasyon, nanatiling nahuhuli ang mga kababaihan pagdating sa basic literacy o kasanayan sa pagbasa at pagsulat. Paano kaya matitiyak na ang mga kababaihan ay nagkakaroon ng akses sa edukasyon? | Maraming maaring maisagot ang mga bata sa mga sitwasyong inilahad.<br><br>Halimbawa:<br>1.Magkaroon ng mga patakarang pangkaligtasan paara sa mga manggagawa na lalagdaan ng mga kasaping bansa ng ASEAN.<br>2. Turuan sila ng mga bagong kasanayan na maglalayo sa extractive na livelihood para hindi masira ang kanilang kapaligiran. Tulungan silang magtayo ng kooperatiba. |

4. Bagamat may batas na para sa itinakdang minimum wage o pasahod, may malaking disparity o agwat pa rin sa halaga ng pasahod o sweldo sa mga bansang kasapi ng ASEAN.Sa patuloy na pagtaaas ng bilihin lalong lumiliit ang tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawa. Paano kaya makakatulong ang ASEAN Community sa sulrianing ito?

**Rubrik para sa gawain**

| **Marka** | **Deskripsyon** |
|---|---|
| **Nilalaman (10 puntos)** | Nagbigay nang buong husay at detalyadong impormasyon sa paksa. |
| **Presentasyon (5 puntos)** | Malikhaing naiulat at mahusay na nailahad ang impormasyon sa klase. |
| **Organisasyon (5 puntos)** | Nailahad nang may maayos na pagkasunod-sunod ang nilalamang impormasyon. |
| **Kabuuang Iskor:** | |

**Kaugnay na Paksa 2: HALIGI NG ASEAN COMMUNITY 2015**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Isang mahalagang bahagi ng ASEAN Community ay ang pagtatatag ng single market o isang pamilihan sa mga bansang kasapi nito kung saan malayang makapagpapalitan ng kalakal ang mga bansang kasapi sa mababang taripa hanggang sa pagtatanggal nito upang matulungan ang bawat isa na mapaunlad ang kani-kanilang ekonomiya. Ito ay maisasagawa sa pamamagitan ng AEC o ng ASEAN Economic Community.


Ang ASEAN Community 2015 ay naglalayong bumuo ng isang mas malakas at mas bukas na komunidad sa rehiyon ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN). Ang Asean Community 2015 ay binubuo ng tatlong haligi:

| Haligi | Layunin | Pamamaraan upang makamit ang mga layunin |
| --- | --- | --- |
| 1. ASEAN Political-Security Community (APSC) | ➢ Palakasin ang ugnayang pampolitika sa rehiyon upang maiwasan ang mga tensiyon at pag-aaway<br>➢ Magsagawa ng kooperasyon sa mga isyu tulad ng seguridad, terorismo, krimen at pag-resolba ng mga labis na tensiyon sa rehiyon | ✓ Pagpapatupad ng mekanismo para palakasin ang ugnayan sa pagitan ng mga bansa sa ASEAN.<br>✓ Pagpapatupad ng mga kasunduan at kontrata sa pagitan ng mga bansa para sa pakikisangkot sa seguridad,pagpapalakas ng mga institusyon tulad ng ASEAN Reginal Forum (ARF) at ASEAN Defense Minister's Meeting (ADMM)<br>✓ Pagpapalakas ng diplomasya sa ugnayan ng mga bansa sa rehiyon |


| | | |
|---|---|---|
| 2.ASEAN Economic Community (AEC) | ➢ Pagpapalakas ng integrasyon ng ekonomiya sa rehiyon kasama na dito ang pag-alis ng mga pampulitikang hadlang sa kalakalan<br>➢ Pagpapala-kas ng pagtutulu-ngan sa larangan ng pananlapi at industriya | ✓ Pagsulong ng malayang kalakalan, pamumuhunan at pagpapalakas ng kooperasyon sa larangan ng ekonomiya.<br>✓ Pag-alis ng taripa at *non-tariff barriers* upang mapadali ang pagpunta ng mga produkto at serbisyo sa iba't ibang bansa sa ASEAN<br>✓ Paglikha ng mas malaking oportunidad para sa mga Negosyo at mamamayan sa rehiyon. |
| 3. ASEAN Socio-Cultural Community (ASCC) | ➢ Palakasin ang pagkakaisa at kultural sa rehiyon<br>➢ Pagtutulu-ngan sa edukasyon, kalusugan, kapakanan ng mga mamama-yan at kapaligiran | ✓ Pagpapatupad ng mga programa at proyekto para sa kapakanan ng mga mamamayan sa ASEAN tulad ng serbisyong pangkalusugan,kultura at tradisyon ng mga bansa sa rehiyon.<br>✓ Paglikha ng isang mas makatarungan at magkakapantay na lipunan sa rehiyon ng ASEAN |

3. **Pinatnubayang Pagsasanay**

   **Gawain 6 :**Matapos mabuo ang ASEAN Community 2015, nagkaroon ng maraming pagbabago sa komunidad sa rehiyon ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) sa larangan ng politika, ekonomiya, at lipunan. Suriin ang mga graph sa ibaba at sagutin ang mga kasunod na tanong:




*Graph 1*




*Graph 2*

**Pamprosesong tanong:**

1. Tungkol saan ang unang graph? Ang ikalawang graph?
2. Batay sa graph 2 , ano-anong mga bansa ang may mataas na bilang ng unemployment?
3. Batay sa graph 1, ano-anong mga bansa ang may pinakamababang bahagdan ng *public social security expenditure* ayon sa GDP?
4. Ilang bahagdan ng pambansang kita ang nailalaan ng pamahalaan ng Pilipinas para sa panlipunang seguridad tulad ng proteksyong pangkalusugan para sa mga mamamayan nito?
5. Paano kaya matutulungan ng ASEAN ang mga bansang kasapi na mataas ang unemployment rate?

## Ikaapat na Araw

4. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 7: Pangarap Ko (#Ating Ilapat at Iugnay)**
Ano ang pangarap mo para sa Pilipinas, kaugnay ng 17 Layon ng Likas-Kayang Pag-unlad? Ihulog sa dream list ang tatlo sa mga pangarap mo para sa Pilipinas.




**Rubrik para sa gawain**

| **Iskor** | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (15 puntos)** | Nakapagtala ng tatlong kasagutan na angkop sa likas-kayang pag-unlad at nakapagbigay ng katwiran sa kanyang sagot. |
| **Mahusay (12 puntos)** | Nakapagtala ng tatlong kasagutan na angkop sa likas-kayang pag-unlad ngunit di malinaw na nakapagbigay ng katwiran sa kanyang sagot |
| **Di-gaanong mahusay (10 puntos)** | Nakapagtala ng dalawang kasagutan na angkop sa likas-kayang pag-unlad ngunit di malinaw na nakapagbigay ng katwiran sa kanyang sagot |
| **Nangangailangan ng tulong (8 puntos)** | Nakapagtala ng isang kasagutan na angkop sa likas-kayang pag-unlad ngunit di malinaw na nakapagbigay ng katwiran sa kanyang sagot |


| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto** | Ito ay maaring gawin pagnatapos ng natalakay ang mga mahahalagang paksa sa Ikatlong araw. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Gawain 8: 3-2-1 (Numero ng Karunungan):** Sa bahaging ito, itatala ng mga mag-aaral ang mga impormasyon o detalyeng kanilang nakalap o naunawaan sa aralin. Gawing gabay ang makikitang tsart | Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aarl |


| **3 bagay na natutuhan sa aralin** | **2 ideyang nalinawan ka mula sa dati mong nalalaman dito** | **1 bagay na naranasan mo na may kaugnayan sa aralin** |
|---|---|---|
| 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | |
| 3. | | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**ISIP -HAMUNIN**<br>I:Binagong **TAMA o MALI**. Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at iguhit ang ☺ kung ang pangungusap ay **TAMA** at ☹ kung ang pangungusap ay **MALI**.<br><br>_____1.Ang ASEAN Community 2015 ay naitatag noong Disyembre 31,2015.<br>_____2. Ang ASEAN Community 2015 ay binubuo ng apat na haligi.<br>_____3. Ang ASEAN Community 2015 ay naglalayong bumuo ng isang mas malakas at mas bukas na komunidad sa rehiyon ng Association of Southeast Asian Nation.<br>_____4.Ang bansang Korea ay kasapi sa ASEAN Community 2015.<br>_____5. Ang pangunahing layunin ng ASEAN Community 2015 ay palakasin ang kooperasyon sa pagitan ng mga bansa sa ASEAN sa larangan ng ekonomiya, politika at kultural.<br><br>II.Pagsusuri: Basahin ang sumusunod na paglalarawan at itiman ang letra **A** -kung ito ay patungkol sa **ASEAN Political-Security Community (APSC)** ,letrang **B**-kung ito ay | Huling araw ng lingo Gawing batayan ang mga kasagutan sa pagwawasto<br><br>I.<br><br>1.<br>2. ☹<br><br>3.<br>4. ☹<br><br>5.<br><br>II:<br>1. A<br>2. B |

| | | |
|---|---|---|
| | patungkol sa **ASEAN Economic Community (AEC)**, at **C**-kung ito ay patungkol sa **ASEAN Socio-Cultural Community (ASCC)**<br><br>**A B C**<br>◯◯◯ 1.Tungkulin nito na isulong at diplomasya at palakasin ang ugnayan sa pagitan ng mga bansa sa ASEAN upang maiwasan ang tensiyon at pag-aaway<br>◯◯◯ 2. Pagtutulungan sa larangan ng pananalapi at industriya<br>◯◯◯ 3.Pagalis ng taripa at non-tariff barriers upang mapadali ang pagpunta ng mga produkto at serbisyo sa iba't ibang bansa sa ASEAN<br><br>◯◯◯ 4.Pagkakapantay-pantay sa larangan ng edukasyon,kultura, at sibika<br>◯◯◯ 5.Pagpapalakas ng kooperasyon sa komunidad ng ASEAN sa serbisyong pangkalusugan.<br>◯◯◯ 6. Pagsasagawa ng mas malalim na ugnayan upang maiwasan ang tensiyon at mga isyu tulad ng terorismo,at krimen sa rehiyon<br>◯◯◯ 7.Pagpapatupad ng mga kasunduan at kontrata sa mga bansa sa rehiyon para sa seguridad<br>◯◯◯ 8.Paglikha ng mas malaking oportunidad para sa mga negosyo at mamamayan sa rehiyon<br>◯◯◯ 9.Pagkakaroon ng mas malawak na kaalaman tungkol sa kultura at tradisyon ng mga bansa sa rehiyon<br>◯◯◯ 10.Pamamahala at maayos na pakikitungo sa mga rehiyon ng ASEAN<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>**HILING-DINGGIN (#WallWisher):** Sa bahaging ito itatala ng mga mag-aaral ang kanilang mga kahilingan para sa mga bansa sa kasapi sa ASEAN upang mas mapalakas pa ang pagsulong at pagkakapantay-pantay sa politika,ekonomiya at kultura. Gamit ang mga *sticky notes*, kanilang ilalahad at ipapaskil sa #WallWisher ang mga ito. | 3. B<br>4. C<br>5. C<br>6. A<br>7. A<br>8. B<br>9. C<br>10.B |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

https://anorakmagazine.com/pages/bubble-wall-of-wishes</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td>GABAY NA TANONG SA PAGNINILAY (Para sa mga mag-aaral)
<table>
<tr><td>ANO ANG AKING NARANASAN?</td><td></td></tr>
<tr><td>ANO ANG AKING NARAMDAMAN?</td><td></td></tr>
<tr><td>ANO ANG AKING GAGAWIN?</td><td></td></tr>
</table>
PARA SA GURO</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Itala ang mga naging balakid sa pagtuturo ng paksa , mga naging kagalingan at namasdang epekto.   | |

**Ang 17 Layon ng Likas-Kayang Pag-unlad (Sustainable Development Goals)**

Goal 1: No Poverty - matuldukan ang kahirapan sa anomang anyo nito sa hindi bababa sa kalahati ng populasyon.

Goal 2: Zero Hunger - mawakasan ang gutom at malnutrisyon, higit lalo sa mga kabataan.

Goal 3: Good Health and Well-being - maitaguyod ang malusog na pamumuhay sa pamamagitan ng pagbibigay- akses sa mga serbisyong pang-medikal sa lahat.

Goal 4: Quality Education - makapagbigay ng libre, inklusibo, at dekalidad na edukasyon sa primarya at sekondaryang antas para sa bawat kabataan.

Goal 5: Gender Equality - maisulong ang pagkakapantay- pantay at mapuksa ang diskriminasyon at karahasang pangkasarian.

Goal 6: Clean Water and Sanitation - makapagbigay-akses sa malinis, sapat, at abot-kayang tubig na inumin at magarantiya ang wastong sanitasyon sa mga komunidad.

Goal 7: Affordable and Clean Energy - magkaroon ng sapat, abot-kaya, moderno, at maaasahang serbisyo ng enerhiya.

Goal 8: Decent Work and Economic Growth - maitaguyod ang pang-ekonomiyang pag-unlad sa sektor ng paggawa at makapagbigay-tulong sa pagkakamit ng disenteng trabaho para sa lahat.

Goal 9: Industry, Innovation, and Infrastructure – makalikha ng dekalidad, maaasahan, at matibay na imprastruktura at maisulong ang inklusibo at likas-kayang industriyalisasyon.

Goal 10: Reduced Inequalities - mapalakas at maisulong nang progresibo ang panlipunan, pang-ekonomiya, at politikal na pakikisangkot ng mga mamamayan nang walang pinipiling edad, kasarian, lahi, relihiyon, o estado sa buhay.

Goal 12: Responsible Consumption and Production – magamit nang maayos ang mga likas yaman at maisakatuparan ang maayos na pamamahala ng mga basura na maaaring makaapekto sa kalusugan.

Goal 13: Climate Action - maihanda at mapalakas ang mga bansa laban sa mga pangkaraniwang sakuna at makapagbigay-kaalaaman sa mga komunidad tungkol dito

Goal 14: Life below Water - maihinto at mabawasan ang polusyong pandagat lalo na yaong dulot ng mga gawaing panlupa.

Goal 15: Life on Land - masiguro ang konserbasyon at pagpapanumbalik ng sigla sa mga lupain at serbisyong sakop nito gayundin ang mapangalagaan ang mga buhay ng hayop at halaman, higit ang mga nanganganib nang mawala.

Goal 16: Peace, Justice, and Strong Institutions – mabawasan ang karahasan sa lahat ng anyo at makipag-ugnayan sa pamahalaan at mga komunidad sa pagtataguyod ng kapayapaan at katarungang panlipunan.

Goal 17: Partnership for the Goals - mapalakas ang ugnayang Hilaga-Timog at Timog-Timog sa pamamagitan ng pagbibigay-suporta sa mga pambansang plano at gawain tungo sa pag-unlad.